




GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG	School:		Grade Level:	V
	Teacher:		Learning Area:	FILIPINO
	Teaching Dates and Time:	WEEK 7	Quarter:	4TH Quarter

	MONDAY	TUESDAY	WEDNESDAY	THURSDAY	FRIDAY
I. LAYUNIN					
A. Pamantayang Pangnilalaman	1. Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin 2. Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa sa iba't ibang uri ng teksto at napapalawak ang talasalitaan	1. Naipapamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan 2. Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin	1. Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin 2. Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa sa iba't ibang uri ng teksto at napapalawak ang talasalitaan	1. Naipapamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto 2. Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media	**Lagumang Pagsusulit**
B. Pamantayan sa Pagganap	1. Nakagagawa ng radio broadcast/ teleradyo, debate at ng isang forum 2. Nakagagawa ng grap o tsart tungkol sa binasa, nakapagsasagawa ng isang debate tungkol sa isang isyu o binasang paksa	1. Nakabubuo ng nakalarawang balangkas batay sa napakinggan 2. Nakasusulat ng talatang nangangatwiran tungkol sa idang isyu o paksa at makagagawa ng portfolio ng mga sulatin	1. Nakagagawa ng radio broadcast/ teleradyo, debate at ng isang forum 2. Nakagagawa ng grap o tsart tungkol sa binasa, nakapagsasagawa ng isang debate tungkol sa isang isyu o binasang paksa	1. Nagagamit ang silid-aklatan sa pagsasaliksik 2.Nakabubuo ng sariling dokumentaryo o maikling pelikula	
C. MGA KASANAYAN SA PAGKATUTO (Isulat ang code ng bawat kasanayan)	1. Naipapahayag ang sariling opinion o reaksyon o ideya sa isang napakinggang isyu. - **F5PS-IVb-h-1** 2. Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di pamilyar sa pamamagitan ng paglalarawan. – **F5PT-IVd-f-1.13**	1. Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan – **F5PN-IVg-h-23** 2. Nakasusulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan.–**F5PU-IVe-h-2.11**	1. Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa paggawang patalastas. - **F5WG-IVg-13.4** 2. Nakapagbibigay ng sariling kuwento na may ilang bahagi na naiba sa kuwento. – **F5PB-IVg-17**	1. Nagagamit nang wasto ang OPAC – **F5EP-IVg-9.1** 2. Nasusuri ang estilong ginamit ng gumawa ng maikling pelikula. – **F5PD-IVf-g-19**	
II. NILALAMAN	1. Pagpapahayag ng sariling opinion o reaksyon o ideya sa isang napakinggang isyu 2. Pagbibigay ng kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng paglalarawan	1. Pagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan 2. Pagsulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan	1. Paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa paggawa ng patalastas 2. Pagbibibigay ng sariling kuwento na may ilang bahagi na naiba sa kuwento	1. Paggamit nang wasto ng OPAC 2. Pagauauri ng estilong ginamit ng gumawa ng maikling pelikula	
III. KAGAMITANG PANTURO					

A. Sanggunian					
1. Mga pahina sa Gabayng Guro	4th Quarter TG/LM Week 7Downloaded	4th Quarter TG/LM Week 7 Downloaded	4th Quarter TG/LM Week 7Downloaded	4th Quarter TG/LM Week 7Downloaded	
2. Mga pahina sa Gabay ngPang-mag-aaral					
3. Mga pahina Teksbuk	Gabay Pangkurikulum K-12 sa Filipino 5 p. 74 Bagong Filipino sa Salita at Gawa - Wika pahina 3.	Gabay Pangkurikulum K-12 sa Filipino 5 p. 74 lathalain “Bakit Hindi Naliligaw ang mga Langgam” (MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 2-7, 10)	Gabay Pangkurikulum K-12 sa Filipino 5 p. 74 Bagong Filipino sa Salita at Gawa-Wika pahina 4 Hiyas sa Wika pahina 194	Gabay Pangkurikulum K-12 sa Filipino 5 p. 74 Sundan sa TG	
4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ngLearning Resource					
B. Iba pang Kagamitang Pangturo	Kwento, tsart, balita mula sa aklat	Kwento, larawan, tsart	Kwento, larawan, tsart	Tsart, larawan,	
IV. PAMAMARAAN					
A. Balik –Aral sa nakaraang aralin o pagsisimulang bagongaralin	**1. Pagsasanay** Sabihin kung ang mga sumusunod ay katotohanan o opinyon batay sa sinabi ng tao. a. “Magiging maunlad ang bansa kung mananalong presidente si Duterte”, ang sabi ng isang supporter ng dating mayor. b. “ May limang kandidado ng pagkapangulo sa Eleksyon 2016”, ito ang pahayag ng Commision on Election. **(Sundan s TG)** **2. Balik-aral** Alam mo ba ang paraang ginagawa ng isang mananaliksik / mag-aaral upang makita niya kaagad ang aklat na nais niyang basahin sa isang aklatan?	**1. Pagsasanay** a. Magpakita ng pahayagan, mabilisang basahin ng pahapyaw ang nilalaman o bahagi nito. b. Ipabigay ang mga bahagi ng pahayagan. Isulat sa tsart. c. Bigyan ng bahagi ng pahayagan ang pangkat. Basahin ito at ipaskil ang tamang bahagi ng pahayagan sa pahinang dapat kalagyan nito. **(Sundan sa LM)** **2. Balik- Aral** Sumulat ng balita mula sa mga sumusunod na ulat. Ano: Pulong ng mga Magulang Kailan: Lunes Mayo 30 Saan: Mababang Paaralan ng San Jose Agenda: Darating na bisita mula sa Japan **(Sundan sa TG/LM)**	**1. Pagsasanay:** Pagpapakita ng video clip ng isang patalastas na may ibat-ibang katapusan ayon sa spoof commercial ng Bubble Gang (Mc Donald). **2. Balik-aral** Anong uri ng patalastas ang ipinakita sa video clip? Nakakatuwa ba ito? Mayroon ba itong bahagi na naiiba sa orihinal na patalastas ng McDonald.	**1. Balik aral** Ano ang OPAC? Ano ang kaibahan nito sa card catalog? May alam ka bang aklatang gumagamit na ng electronic card catalog? **2. Pagsasanay** Paano mo isasagawa ng tama ang iyong pag-aaral upang makamit ang iyong pangarap kahit na hindi mo kayang bumili ng mamahaling mga aklat?	
B. Paghahabi ng layuninng aralin	**A. Pagganyak** Tula Hanap lakad, buklat Hanap, lakad, buklat. Yan ang trabaho ng isang taong Nagsasaliksik sa aklatan.	**A. Pagganyak** Kapag nakakita ka ng langgam, ano ang ginagawa mo? Bakit? May alam ka ba tungkol sa kanila?	**Pagganyak:** Balikan ang sanaysay sa unang araw . Magbigay ng isang pangungusap na pasalaysay, patanong, pautos, at padamdam mula sa sanaysay na binasa. Anong bantas ang makikita	**Pagganyak** Gusto mo bang malaman kung paano ka makakapaghanap ng aklat kahit nasa labas ka ng aklatan? Tingnan natin ang OPAC	

	Bukas, basa, sara Bukas, basa, sara Makita ang hanap na detalye Kailangan sa pag-aaral. *Magbigay ng reaksyon sa bagong teknolohiya para sa mga aklatan.*		sa pangungusap na patanong? padamdam? pautos? pasalaysay? ***Online Public Access Catalog***	Pustaka Negeri Sarawak sa Malaysia.	
C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin	**Paglalahad** ***Bago Makinig*** Paghahawan ng balakid (Pang-upuang gawain) **Panuto**. Punan ng angkop na nawawalang titik ang mga sumusunod na pamilyar at di pamilyar na salitang matatagpuan sa kwento,Isulat sa kwaderno. 1. Library catalog na nakakonekta sa internet. - O_PA_ 2. Lagayan ng aklat sa mga aklatan. – _S_T_NT_ **(Sundan sa TG)** *Magbigay ng reaksyon sa bagong teknolohiya para sa mga aklatan.*	**Paglalahad** a. Sabihin sa mga bata na unawain ang lathalain . b. Magbibigay sila ng buod. “Bakit Hindi Naliligaw ang mga Langgam”(MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 2-3) c. Sabihin ang pamantayan sa pagbasa. d. Pagbasa ng guro. Pagbasa ng lahat. **(Sundan sa LM)** **Pagtalakay** Pagkatapos Magbasa Sagutin ang mga tanong . Ikumpara ang sagot. Wasto ba ang inyong sagot?	**Paglalahad** May mga ekspresyong maari mong gamitin sa pagsulat ng anunsyo o patalastas . Gusto mo bang malaman ito. Ilagay ito sa World Map . Isulat sa kwaderno. (MISOSA SIM 19 Filipno 5, pahina 6)  **Pagtalakay** Alin sa mga ekspresyon ang pangungusap na patanong, pasalaysay, padamdam at pautos? Kung ikaw ay susulat ng patalastas ,paano mo ito isusulat? **(Sundan sa TG)**	**Pagllalahad** **Tuklasin Mo** Mapapanood mo ang paraan kung paano nagamit ng isang mag-aaral ang OPAC Pustaka Negeri Sarawak sa Malaysia. Ito ang online version ng card catalog. Ito na kaya ang epektibo at mas mabilis na paraan ng paghanap ng aklat sa aklatan? ***Pagpapakita ng video clip.(https://www.youtube.com/watch?v=-0ACv7pcdAY)*** **Pagtalakay** Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago ipakita ang video. Ilagay ito sa manila paper . (IM 2-F5EP-IVg-9.1) Sagutin ang mga tanong pagkatapos ng panonood pwedeng balikan ang bahagi ng video para sa paglilinaw. 1.Anong hawak ng lalaki sa video sa umpisa ng pelikula / video clip habang nasa labas? 2. Anong web site ang hinanap ng lalaki? **(Sundan sa TG)**	

D. Pagtalakay ng bagongkonsepto at paglalahadngbagong kasanayan # 1	**Basahin:** ***Online Public Access Catalog*** *Alam mo ba ang OPAC ? Ito ay nangangahulugang online public access catalog. Ito rin ay simpleng library catalog kung saan natutukoy mo ang lokasyon ng mga aklat , periodicals, audio visual materials at iba pang bagay na nasa isang aklatan…* **(Sundan sa TG/LM)** **Pagtalakay** Pagkatapos makinig - Sang-ayon ka ba sa ikatlong talata ng binasang sanaysay? - Ito rin ba ang naging reaksyon mo tungkol sa OPAC ?	**Pagpapayamang Gawain** Balikan ang lathalain. Bigyan ng buod o paiikliin ang talata 1 – 3. **Pagyamanin Natin** ***Gawin Natin*** (MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 4)  **(Sundan sa LM)**	**Pagpapayamang Gawain** Hayaang mag-usap ang magkatabi.Gamit ang ekspresyong 1 (pangungusap na padamdam) , 2 (pangungusap na patanong) 3 (pangungusap na pasalaysay) at 4 (pangungusap na pautos) gumawa ng anunsyo o patalastas at iparinig sa klase.Pumili ng dalawa upang makalikha ng dalawang patalastas ang bawat pares.	**Pagpapayamang Gawain** - Balikan ang spoof commercial ng Bubble Gang McDonald at ang OPAC video clip mula sa you tube. - Ikumpara ang paraan o estilong ginamit ng kumuha ng video. Ano ang layunin ng kumuha at gumawa ng spoof commercial? Suriin ang estilo. Anong layunin ng gumawa ng OPAC video clip? Magkatulad ba ng estilo? Sa paanong paraan?	
E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan # 2	**Pagpapayamang Gawain** ***Gawin Mo*** Ipabasa sa dalawang bata ang usapan.  (Pugad Baboy - http://theculturetrip.com/asia/philippines/articles/pugad-baboy-a-comic-portrayal-of-filipino-foibles/) - Ano ang reaksyon mo tungkol sa makabagong teknolohiyang nababanggit sa usapan? - Totoo ba ito? Magbigay ng sariling opinyon tungkol dito.	**Paglalapat** (Subukin Mo B , MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 10)  Basahin mo ang talata. isulat mo sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang buod dito. 1. Isang umaga. dinala ni Bb. Lopez ang kanyang mga mag-aaral sa isang dairy farm. Ginamit nila ang sasakyan ng paaralan at nanatili sila doon hanggang tanghali. Nagdala ang mga bata ng baon at binigyan naman sila ng libreng gatas sa dairy farm. a. Nagdala ang mga bata ng baon at binigyan sila ng libreng gatas. b. Dumalaw ang mga mag-aaral sa isang Dairy Farm at nabigyan sila ng libreng gatas. c. Si Bb. Lopez at kanyang mga mag-aaral ay namasyal. **(Sundan sa LM)**	**Karagdagang Gawain** Gawin ang “Subukin” (MISOSA SIM 19 Filipino 5, pahina 9) 	**Pangkatang Gawain** Suriin muli angvideo clip ng OPAC , palagi bang okey kung ito ang gagamitin mong paraan ng paghanap ng aklat? Kung mahina ang internet connection ano ang magiging epekto nito sa iyong ginagawang paghahanap.	

F. Paglinang sa kabihasnan (Tungo sa Formative Assessment)		**Isapuso Mo** Paano naunawaan ng siyentipikong si Sandra Wolhlgemuth ang gawi ng mga langgam? Naisulat din ito ni Jojo Briones – Cruz, paano niya naisulat ang lathalaing ito? Mahilig ka ring bang magbasa ,? Kaya mo rin na makasulat ng ideya o buod sa mga nababasa at naririnig mong mga impormasyon. **(Sundan sa LM)**			
G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw araw nabuhay	**Isapuso Mo** Kaya mo bang tanggapin ang pagbabago ng ika -21 siglo tungkol sa pag-aaral, pagtatrabaho at pamumuhay ng mga tao?			**Paglalapat** (Magdidikit sa pisara/ipapakita sa pamamagitan ng projector ang talatang sisipiin ng mga bata.) Isulat sa inyong papel ang talatang makikita sa unahan. **(Sundan sa TG)**	
H. Paglalahat ng aralin	**Paglalahat** Tandaan Ang bawat tao ay may kalayaan ibigay ang opinyon. Ito man ay pabor o hindi pabor, sang-ayon o di sang-ayon. Ang bawat pangyayari o isyu ay pwedeng mahalaga o hindi masyadong mahalaga sa ating buhay.	**Paglalahat** Tandaan (MISOSA SIM 14 Filipino 5, pahina 5)  Ang bawat talata ng sanaysay o kuwento ay maaaring mapakiki o mabuoyan ng buod, sapagkat ang buod nito ay ang kabuuang nilalaman ng iyong binasa. Nagsasaad ito ng pangunahing ideya ng talata. **(Sundan sa LM)**	**Paglalahat** Mahalaga ang detalyeng isinasaad ng isang patalastas. Ano ang nararapat mong gawin kung nakakabasa o nakakarinig ka ng isang patalastas? Ano ang isinasaad ng tandang padamdam? tandang pananong? Ang salitang kilos sa pangungusap na pautos? Ang detalye sa pangungusap na pasalaysay? 	**Paglalahat** *Tandaan* 1. Ang estilo ng pelikula / video ay maaring upang mang-aliw, magbigay impormasyon o pukawin ang damdamin ng manonood. 2. Ang paggamit ng teknolohiya ay may mabuti at di-mabuting epekto, hindi laging okey ang koneksyon sa internet, minsan ay may problema din sa elektrikal na suplay. Higit sa lahat may karagdagang gastos ang paggawa ng sistemang OPAC.	
I. Pagtataya ng aralin	**Pagtataya** Sabihin ang Swak kung sang-ayon at Pak kung di sang-ayon tungkol sa mga isyu nabanggit sa mga sumusunod. 1.Pagtaas ng presyo ng kuryente. 2. Pagdami ng bata sa internet café dahil sa mga on-line games.	**Pagtataya** Balikan ang lathalain. ***Isulat Mo*** ang buod ng talata 4 at 5.	**Pagtataya** Anong ekspresyon ang gagamitin mo sa mga sumusunod na patalastas na iyong gagawin?(tingnan ang world map) 1. Umalis na ang inyong kasambahay at wala ng mag-aalaga sa bunso mong kapatid. Ang iyong	**Pagtataya** Piliin ang mga salita ang nakita sa video na may kaugnayan sa paggamit ng OPAC Click Facebook Call number Title Twitter Item Registered members	

	3. Pagkakaroon ng 4Ps para sa mga mahihirap na pamilya. P4. agbibigay ng scholarship ng gobyerno. 5. Paglutas sa problema sa baha ng pamahalaan.		mga magulang ay parehong naghahanapbuhay. 2. Nakapulot ka ng aklat sa kantina. 3. Magkakaroon ng paligsahan sa paggawa ng poster \. 4. May magaganap na camp sa distrito para sa mga batang iskawt. 5. Isang nakakagimbal na balita ang nangyari sa inyong barangay.		
J. Karagdagan Gawain para sa takdang aralin at remediation	**Takdang Aralin** *Karagdagang gawain* Gumupit ng isang balita. Idikit sa kwaderno at magbigay ng opinyon tungkol dito.	**Takdang Aralin** Magbasa ng isang lathalain na nais mo. Isulat ang buod nito sa kwaderno	**Takdang Aralin** • Manood ng mga patalastas na ninanais ninyo. Gayahin at isadula sa klase.	**Takdang Aralin** **Karagdagang Gawain** Magbigay ng mga pelikulang nagpapatawa sa pang-aaliw at pelikulang nagbibigay ng impormasyon sa ating kasaysayan gaya ng spoofed commercial at OPAC video.	
V.MGA TALA					
VI. PAGNINILAY					
A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya					
B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation					
C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral nanakaunawa sa aralin.					
D Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation?					
E. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo na nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?					
F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyon sa tulong ng aking punungguro at superbisor?					
G. Anong kagamitang panturo ang aking ginamit/nadiskubre na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?					

Deped tambayan alternative with adfly free pages.. no more hassle, just one-click download for your daily lesson log templates: teachershq.com
File Created by Ma'am CRISANTA P. SACAPAÑO